

Pangkat 3: Oras para sa Dios

Pagbibigay oras sa Banal na harapan ng Dios, ayun sa pagsamba at panalangin

Isuot ang Baluti ng Dios

<<<<Gawin ang panalangin na ito na bahagi sa pang araw araw na gawain. Ang panalangin nya ito ay maghanhanda sa'yo sa pagharap sa espirituwal na hamon sa tulong ng lakas at kapangyarihan ng Diyos.

Mahal na Panginoon, sa aking pagbangon at sa 'king pagtulog, ako'y haharap sa isang larangan ng digmaan. Ngunit alam ko rin na ako'y binigyan mo ng lahat ng kailangan ko, upang makatayo ng matatag. Kaya sa kapangyarihan ng iyong Banal na espiritu, aking ilalagay ang baluti ng Diyos.

Una, aking ilagay ang turbante ng kaligtasan sa aking ulo. Mangyaring protektahan ang aking isipan at ang aking mga saloobin. Mangyaring bantayan ang aking mga mata, na huwag mapahintulot na ang kasalanan ay sumagi kahit saglit sa 'king isipan. Mangyari'y ipahintulot nyo na ang aking mga saloobin ay sa mga bagay na maka Diyos.

Nawa'y hayaan na ang baluti ng katuwiran ay manatili sa puso ko't damdamin. Dalangin ko na ako'y punuan ng katotohanan ng inyong Salita, sa halip ng aking damdamin. Babalutin ko ang iyong salita sa aking baywang tulad ng isang sinturon. Mangyaring pangalagaan ako nito mula sa pagkakamali.

Ako'y magbibihis ng mga pangyapak ng kapayapaan upang gabayan ang aking mga hakbang. Mangyaring itanim ang aking mga paa sa iyong katotohanan. Panginoon bigyan nyo po ako ng kapangyarihan upang manindigan laban sa mga pag-atake ng kaaway.

Kasunod nito'y, aking bubuhatin ang kalasag ng pananampalataya. Panginoon, mangyaring protektahan niyo ako mula sa mga nagniningas na palaso ni Satanas. Ilagay mo ako sa kabalikat ng iyong hukbo upang tutulan ang mga plano ng diyablo iyon. Sa wakas, aking itinatagho ang tabak ng Espiritu, na inyong Banal salita. Mangyaring, tulungang ako, na basahin ang Bibliya na may sariwang, at kapana-panabik na paraan upang ako'y palaging maging handa sa magpalihis na atake at maipamahagi ang Iyong mga Katotohanan sa iba.

Alam ko, na ako'y haharapin sa pag atake ng kaaway sa araw na ito, Panginoon. Nguni't ako'ny binigyan ng kalakasan na manindigan. Panginoon, mangyaring bigyan ako ng kalakasan makibaka ngayon. Ang kagalakan ng Panginoon ay aking lakas. Sa pangalan ni Hesus, ako'y nananalangin. Amen

Sangguniang banal na kasulatan : Aklat ng Mga Taga Efeso 6:13-18

Panalangin ng Panginoon

Ama namin, sumasalangit Ka

Sambahin ang ngalan Mo

Mapasaamin ang kaharian Mo

Sundin ang loob Mo

Dito sa lupa, para nang sa langit.

Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.

At patawarin Mo kami sa aming mga sala,

Para nang pagpapatawad namin

Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman
Amen.

Sangguniang banal na kasulatan : Aklat ng Mateo 6:9-13

Panalangin para sa Proteksiyon ng Panginoon

Siyang tumatahan sa lihim na dako ng Kataastaasan. Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat.
Aking sasabihin tungkol sa Panginoon, siya'y aking kanlungan at aking katibayan, ang Dios ko na siyang aking tinitiwalaan.
Sapagka't kaniyang ililigtas ka sa silo ng paninilo, at sa mapamuksang salot.
Kaniyang tatakpan ka ng kaniyang mga bagwis, at sa ilalim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka: ang kaniyang katotohanan ay kalasag at baluti.
Ikaw ay hindi matatakot sa kakilabutan sa gabi, ni sa pana man na humihilagpos kung araw;
Dahil sa salot na dumarating sa kadiliman, ni dahil sa paggiba man na sumisira sa katanghaliang tapat.
Isang libo ay mabubuwal sa iyong siping, at sangpung libo sa iyong kanan; nguni't hindi lalapit sa iyo.
Iyong mamamasdan lamang ng iyong mga mata, at iyong makikita ang ganti sa masama.
Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan! Iyong ginawa ang Kataastaasan na iyong tahanan;
Walang kasamaang mangyayari sa iyo, ni anomang salot ay lalapit sa iyong tolda.
Sapagka't siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad.
Kanilang dadalhin ka sa kanilang mga kamay, baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato.

Iyong yayapakan ang leon at ang ulupong: ang batang leon at ang ahas ay yuyurakan mo ng iyong mga paa.
Sapagka't kaniyang inilagak ang kaniyang pagibig sa akin, kaya't iniligtas ko siya: aking ilalagay siya sa mataas, sapagka't kaniyang naalaman ang pangalan ko.
Siya'y tatawag sa akin, at sasagutin ko siya; ako'y sasa kaniya sa kabagabagan: aking ililigtas siya, at pararangalan siya.
Aking bubusugin siya ng mahabang buhay, at ipakikita ko sa kaniya ang aking pagliligtas.

Sangguniang banal na kasulatan : Aklat ng Mga Awit 91

Ang Panginoon ang ating Taga Pagkaloob (Siya Ang Taga-pag-alaga ng lahat ng mga pangangailangan)

Ang Panginoon ay aking pastor; hindi ako mangangailangan.

Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang pastulan: pinapatnubayan niya ako sa siping ng mga tubig na pahingahan,

Kaniyang pinapananauli ang aking kaluluwa: pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng katuwiran alangalang sa kaniyang pangalan.

Oo, bagaman ako'y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; sapagka't ikaw ay sumasa akin: ang iyong pamalo at ang iyong tungkod, ay nagsisaliw sa akin.

Iyong pinaghahandaan ako ng dulang sa harap ko sa harapan ng aking mga kaaway: iyong pinahiran ang aking ulo ng langis; ang aking saro ay inaapawan.

Tunay na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin sa lahat ng mga kaarawan ng aking buhay: at ako'y tatahan sa bahay ng Panginoon magpakailan man.

Sangguniang banal na kasulatan : Aklat ng Mga Awit 23

Panalangin sa Ikatlo ng Hapon

Pumanaw ka, Hesus subalit ang bukal ng buhay ay bumalong para sa mga kaluluwa at karagatan ng awa ay bumugso para sa sanlibutan.

O bukal ng buhay, Walang Hanggang Awa ng Diyos, yakapin mo ang sangkatauhan at ibuhos mong ganap ang iyong sarili para sa aming lahat.

O banal na Dugo at Tubig na dumaloy mula sa Puso ni Hesus bilang Bukal ng Awa para sa aming lahat, ako ay nananalig sa iyo.

Banal na Diyos, Banal na puspos ng kapangyarihan, Banal na walang Hanggan, maawa po kayo sa amin at sa buong mundo.

Banal na Diyos, Banal na puspos ng kapangyarihan, Banal na walang Hanggan, maawa po kayo sa amin at sa buong mundo.

Banal na Diyos, Banal na puspos ng kapangyarihan, Banal na walang Hanggan, maawa po kayo sa amin at sa buong mundo. Amen.

O Hesus, Hari ng Awa, Kami ay nananalig sa Iyo.

Pag-hahanap ng Patnubay ng Diyos

Panginoon, humingi ako sa iyong patnubay para sa mga desisyon na kailangan kong gawin. Humihingi ako sa iyong kalooban para sa aking buhay. Panginoon, ako'y nagtitiwala sa iyo ng buong puso ko. Hindi ako umaasa sa aking sariling pag-unawa. Humihiling ako na ang lahat ng Iyong kalooban ang gagawin ko. At Panginoon, alam ko na ang inyong kalooban, ay iyong ipapakita, na kung anong landas ang aking tatahakin.

Panginoon, mangyaring ituro sa akin maging payapa sa Iyong Banal na Presensya. Ituro mo po sa akin makinig ang Iyong boses. Basbasan mo ako, upang maging masunurin sa Inyo at sundin ang Inyong mga tagubilin. Panginoon, ipaubaya mo sa akin ang Inyong nais ayon sa Iyong salita at ang Iyong kalooban.

Panginoon, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan : Mga Kawikaan 3:5-6

Panalangin para sa masupil pagkabalisa, pag-igting at mag-alala

Makapangyarihang Diyos, lumalapit ako sa iyo sa panalangin. Alam nyo na ang pinagdadaanan ko. Ako nag-aalala at balisa. Panginoon, alam ko na ito ay hindi makakatulong kung ako'y nag-aalala o kung ako'y balisa. At alam ko na ikaw'y makapangyarihan sa lahat, malakas at mapagmahal. Ako'y lumalapit ako sa iyo upang hangarin ang iyong biyaya at ang iyong kapayapaan. Panginoon, alam ko nya lahat na inyong mga anak ay lumapit sa iyong harapan, kabilang ang mga taong tulad ko, na nanapapagal at na nabibigatang lubha. At alam ko ang pinangakong kapahinga ay mula Inyo. Panginoon, ibinibigay ko ang lahat ng aking mga alalahanin at kabalisahan sa Inyo dahil mahalaga ako sa inyo. Salamat Panginoon. Ikaw ay marahan at mapagkumbaba. Ako'y nakasumpong ng kapahingahan sa Inyo.

Akin din itinataas sa panalangin ang lahat ng iyong mga anak na mahal rin, na humaharap sa sitwasyon katulad din nito. Pagpalain Mo kami ng Iyong kapayapaan.

Ama, hinihiling ko ito sa Mataas pangalan ni Jesus. Amen

Sangguniang banal na kasulatan Aklat ng Mateo 11:28 29

Unang Pedro b5:7

Panalangin para sa Kagalingan

Makapangyarihang Diyos, ikaw ay Banal at Matuwid. Ikaw ay Makapangyarihan at Mahabagin. Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa ay sa iyo. Mapagmahal na Dios, ikaw ang Dios ng pagpapala. Ikaw ang nagbigay ng buhay sa lahat. Ikaw ang Taga-pagligtas, sa iyong mga kamay at kapangyarihan ay may kagalingan ang lahat ng sakit at pagkabalisa.

Panginoon, ikaw ay Mapagmahal at Mahabagin. Ibinigay mo sa aming ang Iyong bugtong na Anak na si Hesus Kristo na amin Taga-pagligtas. Lahat ng amin kasalanan at karamdaman ay pinagaling mo dahil sa krus ni Kristo at Banal na dugo. Kami ay gumaling!

Panginoon, humihingi ako ng katapawaran sa lahat ng aking kasalanan at kahinaan. Patawarin mo ako Panginoon. Ako'y wala kung wala ka at sa iyong grasya ako'y gagaling. Ikaw ang Panginoon ng lahat ng himala. Ako'y nagtitiwala sa kapangyarihan, pagmamahal at mahabagin Dios. Ako'y iyong pinatawad at pinagaling. Panginoon, salamat sa kapayapaan na binigay mo sa akin. Hangarin ko'y ikaw ay mamalagi sa akin buhay. Ikaw ang aking Emmanue! (Kasama natin ang Dios!)

Ikaw ang daan, ang katotohanan at ang buhay. Ikaw ang liwanag ng aking buhay. Ako ay naligtas ng iyong pagmamahal. Takluban mo ako ng Iyong banal na dugo. O Panginoon.

Lumapit ka sa akin Panginoon Hesus. Ako'y nagtitiwala sa Iyong kapangyarihan. Ikaw ang aking Taga-pagligtas, Kagalingan, Taga-pangalinga at Kanlungan. Ikaw ang aking Panginoon.

Panginoon Hesus, alam mo ang lahat sa akin, ang aking pangangailangan, ang akin lunggati. Sa iyong mapagpalang kamay ako ay sumusuko. Nawa ang iyong nais ang syang matupad. Ako'y Iyo. Ako ay ligtas at may kagalingan.

Dios Ama, ako rin ay nananalangin para sa aking mga kapatid na nangangailangan ng pagpapala at biyaya. Ito ang aking panalangin sa Makapangyarihang pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan Aklat Isaias 53:5,
Mga Awit 103:1-5, Juan 14:6

Pagwaksi ng pangit na kaisipan at ugali sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios

Mahal na Panginoon, alam kong nasa akin na ang iyong pagpapala at biyaya. Gusto kong makalaya sa aking maling kaisipan at maling gawain. Ako'y nagpapasalamat sa kapangyarihan na pinagkaloob mo na tapakan ang mga ahas at mga alakdan at higitan ang kapangyarihan ng kaaway, walang sinuman ang maaaring magbigay ng kapinsalaan sa akin. Sa Makapangyarihan pangalan ng Dios, inuutusan kita na palayain ang aking isipan at maling gawain na umalis at hindi na muling magbalik. Panginoon, linisin mo ang aking karumihan at patawarin mo yaring kasalanan. Punuin mo ako ng iyong biyaya at habag. Ito ang aking panalangin sa mataas ng pangalan ng Dios, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan: Aklat ng Lucas 10:19

Panalangin para sa kapayapaan

Panginoon, ang aking puso ay maligalig. Ako ay walang kapayapaan. Pinilit kong mag-isip ng kaaya-aya ngunit patuloy ang aking pag-aalala. Panginoon Hesus, iyong pinangako ang iyong kapayapaan sa amin. Gaya ng sinabi mo "Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinigay ng sanlibutan. Huwag kang matakot."

Panginoon Hesus, naniniwala ako sa inyong pangako. Salamat Panginoon na parati ka sa akin tabi. Purihin ang Iyo pangalan. Lahat ng aking agam-agam sa Iyo'y ibinigay dahil ikaw ang kumakalinga sa akin. At ako'y nagtitiwala sa kapayapaan mo na nasa akin. Ang iyong kapayapaan ay gumagalaw sa akin buhay. Ang iyong kapayapaan ay na dimalirip ng sangkatauhan. Salamat Panginoon.

Panginoon, ako'y ganap na may kapayapaan dahil ako'y nagtitiwala sa iyo at lahat ng aking katauhan ay nakatuon sa'yo. Pinagkakatiwalaan kita Panginoon. Ikaw ang akin kublihang walang hanggang at ang amin lakas magpakailanman. Ako'y mahihimbing Panginoon dahil ikaw ang aking kapayapaan.'

Pinapanalangin ko rin ang lahat ng iyong anak na nangangamba, nawa'y ang iyong kapayapaan ang panghawakan ng kanilang puso't isipan.

Ito ang aking panalangin sa Makapangyarihan Pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan:
Juan 14:27, Mga Awit 4:8, Isaias 26:3-4,
I Pedro 5:7, Mga Taga-Filipos 4:6-7

Panalangin ng pananaliksik, pagsusumamo ng pagkakamali at kasalanan

Mapagmahal na Dios, patnubayan nawa ako na lumapit sa iyong presensya at umupo sa iyong paanan. Hangad ko ang iyong kapatawaran sa lahat ng aking kasalanan, na aking nagawa sa salita maging sa isipan.

Humingi ng katapawaran sa lahat ng kasalanan at pagkakamali:

- Nung ikaw ay bata pa
- Nung ikaw ay "young adult"
- Sa iyong pinapasukan, paaralan/trabaho

- Sa relasyon nyong pamilya
- Sa relasyon mo sa'yong kamag-anak at kaibigan
- Pakikitungo sa ibang tao

Dalhin mo sa Panginoon ang lahat ng iyong kasalanan at humingi ng katapawaran.

Panginoon, papaano ko malaman na lahat ng aking sala ay patuloy nagkukubli sa'kin puso? Sino ang makakabatid ng aking kamalian. Patawarin nawa ang aking lihim na kamalian. Ilayo mo ako sa kusang kasalanan. Huwag mong ipahintulot na mamahala sila sa akin. At gayon na lamang ako'y maging malaya at maging inosente sa malaking kasalanan.

Ako ay nagkasala at dahil sa iyong biyaya nilinis mo ang aking kasalanan ng tanggapin ko si Hesus Cristo na aking taga-paglistas. Naparito sya upang iligtas ako sa kasalanan at sa akin kahinaan. Dahil sa kanyang biyaya at pagkamatay sa krus, may kakayanan akong tawagin kang Ama.

Panginoon, ikaw ay Makapangyarihan at mapagmahal. Niligtas mo ang lungsod ng Ninive at hanguin mo sila sa kanilang pagkakasala. Panginoon, ikaw ay Mapag-mahal at Mahabagin, Mahinahon at punong-puno ng kagandahang loob.

Mangyaring ipinapaking-banal ako at dalisayin ang aking puso at isipan. Patawarin nawa ang aking pagkakasalang nagawa. Linisin nawa ako ng Iyong Banal na dugo ni Hesus Cristo at ipinapaking-banal mo ako. Ikaw ay aking pasasalamat at pupurihan ang iyong Mataas at Makapangyarihan pangalan.

Nawa ang mga salita ng aking bibig at ang pagbubulay ng aking puso'y maging katanggap-tanggap sa iyong paningin, O Panginoon. Ikaw ang aking lakas at aking Manunubos. Mangyaring patawarin ako at pagpalain ako sa Iyong kapayapaan, pagmamahal at kaligayahan. Mangyaring pagpalain nawa maging ang aking pamilya.

Ama, ito ang dalangin ko sa Makapangyarihan at Banal na pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan: Mga Awit 19:12-14

Panalangin ng pagpapatawad sa iba

Mapagmahal na Ama sa langit, ako'y nasaktan. *[banggitin ang pangalan ng taong nahihirapan kang patawarin]*. Nahihirapan akong kalimutan ang insidenteng ito. Ngunit, alam ko Panginoon na hindi mo gusto ang hindi mapagpatawad na puso. Marami pa akong matututunan sa inyo. Pinadala mo ang iyong Bugtong na Anak na si Hesus Cristo upang mamatay sa krus at linisin ang aking kasalanan at kabuktutan. Sa iyong Banal na dugo, ang aking kasalanan ay pinatawad at nilinisan magpakailanman. At kailanman ay hindi na maaalala.

Panginoon, turuan mo akong maging mabuti at mahabagin sa iba. Turuan mo akong patawarin ang iba, gaya ng pagpapatawad mo sa akin. Ito ang aking panalangin sa Makapangyarihan pangalan ni Hesus Cristo.

Sangguniang banal na kasulatan:
Taga-Efeso 4:32, Hebreo 10:17

Panalangin para mapagtagumpayan ang takot

Mapagmahal na Ama sa Langit, ang Iyong Banal na pangalan ay matibay na moog. Ako'y tumakbo sa'yo at ako'y naligtas. Ikaw ang aking Panginoon at Dios. Ikaw ang Emmanuel, Kasama natin ang Dios. Ang sinuman ang nasa'kin ay mas higit pa, kung sino ang namumuno sa mundo. Hindi ako matatakot.

Panginoon, ako'y iyong anak at ang Banal na Espiritu ang aking gabay. Wala akong dapat katakutan. Ang Banal na Espiritu ay kasalo ng aking espiritu na pagtibayin na ako ay anak mo.

Panginoon, Ikaw ang mamuno at may hawak ng lahat. Wala akong dapat ikatakot, dahil Ikaw ang aking Ama.

Salamat Panginoon, mangyaring patuloy mo akong pagpalain ng iyong kapayapaan. At Panginoon, pinapanalangin ko rin ang mga ibang nangangailangan ng iyong Awa at Biyaya. Ama, ito ang aking panalangin sa Makapangyarihan pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan:
Mga Kawikaan 18:10, I Juan 4:4,
Romans 8:14-16

Panalangin para sa Pananampalataya at Pag-asa sa Dios

Panginoon, Ako ay lumalapit sa iyo sa panalangin, Alam ko na naririnig ninyo ang aking panalangin. Panginoon, may mga panahon na ako'y nagdududa sa akin isipan. May mga panahon na nanghihina ang akin pananampalataya. Mangyari'y ako ay patawarin sa mga sandaling ang aking pananampalataya ay nanghihina. Mangyaring patawarin ang kawalan ng pananampalataya sa inyo.

Ang pananampalataya ay bunga ng pakikinig. Mangyaring ako'y pagpalain ng maraming panahon sa pagbabasa ng iyong salita, dahil ito ang Banal mong Salita. Mangyaring palakasin ang aking pananampalataya. Ang pananampalataya ay pagtitiwala na may katuparan ang ating pag-asa. Ito ang mabibigay ng katiyakan sa mga bagay na hindi natin nakikita. Mangyaring pagpalain nawa ako na lumakas pa ang aking pananampalataya.

Alam ko na ikaw ay mapagmahal na Dios, na sumasagot sa aming mga panalangin. Kung sakaling ako'y manalangin na hindi makakabuti sa akin, nawa'y ako'y pagpalain na kung ano ang makakabuti sa akin. Banal na Dios, Ikaw ay nangakong may malaking plano sa akin at sa aking buhay, planong kapayapaan, na magbibigay na malinaw na bukas at pag-asa. Ako'y naniniwala na ang plano mo ay mas mahusay para sa akin. Turuan mo akong sumunod sa Iyo.

Ikaw ang Dios ng Pag-asa. Panalangin ko na lubusan ninyo akong bigyan ng kaligayahan at kapayapaan dahil ako ay nagtitiwala sa inyo. At ako'y nag-uumapaw sa pagtitiwala na may kalakip nap ag-asa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Pinapanalangin ko rin ang mga ibang tao na may paghihirap sa kanilang pananampalataya at pangangailangan na maranasan nila ang Ilaw ng Pag-asa ay nasa inyo.

Ama, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan:
Taga Roma 10:17, Jeremias 29:11, Taga Roma 15:13, Mga Hebreo 11:1

Panalangin para sa Pag-ibig- maging matagumpay sa laban ng kasamaan sa pamamagitan ng Pag-ibig ni Hesus.

Mahal na Ama sa Langit, itinataas ko sa panalangin ang mga taong nagbabalak na gumawa ng masama sa aking pamilya, ito may maging sadya o hindi sadya. Ama, ako ay tinuruan mong magpatawad. Kung gayon, pinapatawad ko ang sino

man mga taong ito at panalangin ko ang kapayapaan at ang kanilang tagumpay. Basbasan mo sila ng iyong grasya, kapayapaan at habag.

Panginoon Hesus, sinabi mo na “ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo, upang kayo’y maging tunay na anak ng iyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa masasama at sa mabubuti, at pinapapatak niya ang ulan sa mga Banal at sa mga makasalanan.”

Panginoon, kami ay susunod sa inyo. Ang panalangin naming sa kanila ay pagpalain mo sila ng iyong pagmamahal, kapayapaan at kagalakan. Mangyari sana na makilala ka nila at maranasan nila kayo sa personal na paraan.

Ama, ipinapanalangin ko ito sa makapangyarihan pangalan ni Hesus, Amen.

Sangguniang banal na kasulatan:

Mateo 5:44-45

Panalangin sa pagsusuko- pahintulutan ng Dios na pamahalaan ang aking buhay

Panginoon, sinabi mo “Humingi kayo at kayo’y bibigyan; humanap kayo at kayo’y makasusumpong; kumatok kayo at ang pinto’y bubuksan para sa inyo”. Narito ako Panginoon, maghari ka sa akin buhay. Humihingi ako ng iyong kalooban, Panginoon. Isinusuko ko sa inyo ang aking buhay. Panginoon, ibinibigay ko sa inyo ang unang lugar sa akin buhay. Mangyaring pamahalaan at mamahala sa aking buhay, dahil ang iyong hangarin ay mahusay at makakabuti.

Alam ko na ikaw ang mapagmahal na Dios na tumutugon sa amin panalangin. Kung ang aking panalagnin ay hindi makakabuti sa akin, mangyari nawa ako’y iyong biyayaan na kung ano ang makakabuti sa akin. Banal na Dios, iyong pinangako ang malaking balakin para sa akin, planong kapayapaan, para dulutan nga pag-asa ang aking hinaharap. Nagtitiwala ako na ang iyong balakin sa aking buhay ay syang pinaka mahusay. Kung papaanong ang langit, higit na mataas, mataas sa lupa, Ang daa’t isip ko’y, hindi maaabot ng inyong akala. Turuan mo akong sumunod sa inyo. Mangyari nawa ang iyong kalooban.

Ituro sa akin ang iyong daan, O Panginoon, upang ako’y mamuhay ayon sa iyong katotohan! Pagkalooban mo ako ng dalisay na puso, upang ikaw ay akin parangalan.

Ama, ito ang aking panalangin sa Makapangyarihan pangalan ni Hesus , Amen.

Sangguniang banal na kasulatan: Mateo 7:7, Mga Awit 86:11, Jeremias 29:11, Lucas 1:30, Isaias 55:9